

Paano kumakalat ang virus at nag-iiba



Ang **virus ay isang maliit na butil** na gawa sa genetic na bagay at protein shell. May maraming **klase ng virus**. Mayroon silang iba't ibang hugis at sukat **mahahawaan nila ang iba't ibang selyula**.

Kinokopya ng virus ang sarili nito para manghawa

- Hindi mabubuhay ang virus ng sila lang. Nabubuhay sila sa mga selyula ng mga may buhay, na tinatawag na **host cells**.
- Kung ang virus ay nakapasok sa host cell, nagsisimula itong **kopyahin ang sarili**.
- Pagkatapos, kasama ang mga bagong kopya, lalabas ito sa host cell at tutuloy para **atakehin ang ibang host cells**.

Nagiging ibang klase ang virus pagdaan ng panahon

- Kapag nakopya na ng virus ang sarili niya, **may maling maaaring mangyari** na magbubunga sa isang virus na hindi eksaktong katulad niya.
- Ang nag-ibang virus na ito ay kokopyahin din at ang ibang bersyon ng virus ay **magsisimulang manghawa**. Ito ang paraan kung paano nag-iiba ang virus pagdaan ng panahon.
- **Normal lang at inaasahan** na sa mga virus na parating mag-iiba.
- Ang virus na nag-iba ay tinatawag na **“variant”**. Ito ang nangyayari kapag binabanggit ng mga tao ang tungkol sa mga bagong “variant” ng virus na dahilan ng COVID-19.

Ang COVID-19 ay impeksyon na galing sa virus

Ang isang impeksyon na galing sa virus tulad ng COVID-19 ay dahilan kung bakit nagkakaroon ang mga tao ng lagnat, ubo, o pagkapagod.

- **Nakakaramdam ang mga tao ng sakit** kung sinakop nan g virus ang mga selyula sa katawan para gumawa ng mga kopya at ang immune system ng katawan ay susubukang puksain itong mga sumakop.
- Kapag **mas maraming tao ang nahawa** sa virus, mas maraming kopya ng virus ang magagawa, iyan ang dahilan kaya **mas malaki ang posibilidad na nag-iiba ang virus**.
- Ito ang dahilan kung bakit **importanteng magpabakuna** at gawin ang mga hakbang para mahinto ang pagkalat ng COVID-19.

